REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-86

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKAROON NG ISANG HIMPILAN NG PAMATAY-SUNOG SA DISTRITO I AT ISANG HIMPILAN PA SA DISTRITO II SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Dante S. Almario

************************************************************

SAPAGKAT, sa kasalukuyan, ang Bayan ng Muntinlupa ay mayroon lamang na isang himpilan ng pamatay-sunog na nasa Barangay Alabang;

SAPAGKAT, sa lawak ng land area ng Bayan ng Muntinlupa, ang isang himpilan bagama't nasa sentro ng Bayan ng Muntinlupa ay hindi sapat upang magampanan ang tawag ng pangangailangan sa pamatay-sunog sa pagkakaroon ng biglaang sunog lalo na sa mga barangay na malayo sa kasalukuyang himpilan;

SAPAGKAT, upang masugpo o maapula kaagad ang sunog at hindi na kumulat pa, kinakailangan ang mabilis na responde at ito'y maisasagawa lamang kung may mga himpilan ng pamatay-sunog na malapit lamang at madaling matawagan;

SAPAGKAT, ang karagdagang himpilan ng pamatay-sunog ay malaking tulong upang maiwasan ang maaaring mangyaring trahedya na pagkawala ng mga ari-arian at pagkabuwis ng buhay sanhi ng sunog ng hindi kaagad naagapan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan ang pagkakaroon ng isang Himpilan ng Pamatay-Sunog sa Distrito I at isang Himpilan sa Distrito II sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-52nd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-23 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo,Samahan ng mga
Sangguniang Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan